# ALAB KARBAWAN

Accelerating
Livelihood &
Assets
Buildup

Semi-Annual Newsletter ng Carabao-based Business Improvement Network Project
at Coconut-Carabao Development Project | Tomo 1, Blg. 1 | 2022 Unang Isyu



ISSN 2945-4808

# NILALAMAN


3 Kagamitan para sa produksyon, ipinagkaloob sa grupo ng magkakalabaw

4 Palawan koop kumita nang mahigit PHP3M dahil sa proyektong ALAB Karbawan

4 Hatid na oportunidad ng bagong bukas na Dairy Box sa La Union

4 Dairy Box outlet itatayo sa Zambales

6 Milk processing, marketing facility itatatag sa Visayas

6 Kauna-unahang Dairy Box outlet sa Aurora Province, pinasinayaan na

8 CBIN and CCDP sites

10 CBIN and CCDP status as of May 31, 2022

12 Dairy Box sa Rehiyon 12, daluyan ng biyaya

14 Proyektong ALAB Karbawan sa Rehiyon 11, 12, sumailalim sa situation analysis para sa 'KM intervention'

14 31 kalahok nakakumpleto ng kauna-unahang FLS-DBP Facilitators' Learning Workshop sa Rehiyon 8


## Paliwanag sa PABALAT

Tuluy-tuloy na biyaya ang inaani ng Baclay Multi-Purpose Cooperative (BMPC) sa Zamboanga del Sur buhat ng sumuong ito sa pagkakalabawan. Sa katunayan, napiling kabahagi ang BMPC sa ALAB-Karbawan project na isinusulong ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) at inisponsoran ng opisina ni Sen. Cynthia Villar. Ito ay sa pakikipagtulungan sa mga pamahalaang panlalawigan ng mga napiling probinsya.

(Larawang kuha ni Rowena Bumanlag)




ALAB KARBAWAN
Accelerating Livelihood & Assets Buildup

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

## Editorial Staff

ERIC P. PALACPAC
ROWENA G. BUMANLAG
**Editors**

MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Managing Editor**

MA. CECILIA IRANG-MARIANO
COORES E. CELOY
DINE YVE D. DAGANOS
RONALINE C. CANUTE
**Staff Writers**

PAULYN GRACE L. SATURNO
JAN ROSE C. MAON
SUNSHINE T. SABIDALAS
ESTELLA P. VALIENTE
PAUL ANDREW P. TEXON
**Contributors**

DINE YVE D. DAGANOS
**Layout and Illustrations**

RONALINE C. CANUTE
DINE YVE D. DAGANOS
**Circulation**

RONNIE D. DOMINGO
**Editorial Adviser**

# Kagamitan para sa produksyon, ipinagkaloob sa grupo ng magkakalabaw



Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

Inaasahang mas mapauunlad ang produksyon ng gatas at mga produktong gawa rito matapos makatanggap ng iba't ibang kagamitan kaugnay dito ang tatlong piling grupo ng magkakalabaw mula sa proyektong ALAB Karbawan.

Ang mga benepisyaryo ay ang Rosario Dairy Farmers' Cooperative (RDFC), Sudipen Dairy Farmers Association (SDFA), at Aringay Dairy Carabao Raisers Association (ADCRA), na inaasistehan ng DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University sa Rosario, La Union.

Kabilang sa mga kagamitan na ipinagkaloob sa grupo noong Marso 23 sa ilalim ng proyektong ALAB Karbawan ay 66 ice boxes, 10 grass cutters, isang tri-wheel, isang motorcycle, 20 drums, 27 milk pails, pitong milk cans, at isang pasteurizer and sealing machine.

Noong nakaraang taon ay napagkalooban din ng kabuuang 50 gatasang kalabaw ang mga benepisyaryo. Dalawampung kalabaw ang naipagkatiwala sa RDFC habang tig 15 kalabaw naman ang naipamahagi sa SDFA at ADCRA.

Ayon sa DA-PCC, ang salitang "ALAB" sa ALAB-Karbawan ay isang acronym na ang ibig sabihin ay Accelerating Livelihood and Assets Buildup samantalang ang salitang "Karbawan" naman ay salitang mula sa Visayas at Mindanao na ang ibig sabihin ay "pagkakalabawan".

Ang naturang proyekto ay mula sa inisyatiba at pondo ng opisina ng Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform na pinamumunuan ni Sen. Cynthia Villar.

**50** gatasang kalabaw
Kabuuang bilang ng kalabaw na ipinagkaloob sa mga benepisyaryo taong 2021

**20** kalabaw
para sa RDFC

**15** kalabaw
para sa SDFA

**15** kalabaw
para sa ADCRA

# Palawan koop kumita ng mahigit PHP3M dahil sa proyektong ALAB Karbawan

Nina **Ma. Cecilia Irang-Mariano** at **Paulyn Saturno**

"Ang Yamang Bukid, isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC sa UPLB), ay nakalikom na ng mahigit tatlong milyong pisong kita mula sa proyektong paggagatasan."

Buong-galak na ibinahagi ni DA-PCC at UPLB Center Director Thelma Saludes ang ulat na ito sa mga kalahok na livestock leaders at DA officials sa ginanap na Livestock Summit.

Ang proyekto ay bahagi ng Carabao-Based Business Improvement Network o Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan, na pinondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pamumuno ni Senator Cynthia Villar. Isang dahilan din ang proyektong ito para maging kwalipikado ang kooperatiba na magsupply ng gatas para sa School-based at Supplemental Feeding Programs ng DepEd at DSWD sa probinsiya ng Palawan.
Ayon kay Dr. Saludes, magandang programa at hanapbuhay ang paggagatasan lalung-lalo na ngayon na mayroon nang nationwide milk feeding program.

Binigyang-diin naman ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang kahalagahan ng matibay na relasyon at ugnayan ng mga kabalikat sa industriya at ang muling pagcalibrate ng mga plano para matugunan ang kasalukuyang paglaganap ng mga sakit, problema, at suliranin sa sektor ng paghahayupan.

Ang forum ay inorganisa ng opisina ng City Veterinarian ng Puerto Princesa City na pinamumunuan ni Dr. Indira A. Santiago.

Sinabi ni Undersecretary for Livestock Dr. William Medrano na mahalaga ang pagsasama-sama ng mga asosasyon at ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng mga ito sa lokal na pamahalaan upang makamit ang adhikain ng DA na Masaganang Ani at Mataas na Kita para sa mga lokal na magsasaka.

Ang Livestock Summit ay dinaluhan ng iba't ibang farmer leaders at stakeholders sa Palawan kabilang ang: Palawan Swine Producers Association, Tarabidan Association of Palawan, Palawan Agrarian Reform Community Cooperative Federation, CK Cooperative, Sorosoro Ibaba Development Cooperative, Iwahig Prison and Penal Farm and Farmers Association, Yamang Bukid Farm, Palawan Municipal Agriculture Officers Association, DVS Farm at iba pang galing sa sektor ng pamahalaan gaya ng Department of Science and Technology, Dairy Production and Development Center, Livestock Resource Center, Agricultural Production Coordinating Office (APCO), LGU- Puerto Princesa, at opisyales mula sa Provincial Office ng Palawan.
Dumalo rin sina DA MIMAROPA-Regional Executive Director Antonio Gerundio, Bureau of Animal Industry OIC Executive Director Dr. Reildrin G. Morales, at Dr. Edelyn David at Dr. Feddik Antonnette J. Serrano ng National Dairy Authority.

# Hatid na oportunidad ng bagong bukas na Dairy Box sa La Union

Nina **Ma. Cecilia Irang-Mariano** at **Jan Rose Maon**

Kasabay ng pagbubukas ng kauna-unahang Dairy Box sa La Union ay ang pagbubukas din ng siguradong merkado para sa aning gatas ng mga magsasaka at mga produktong salig dito.

Sa isang programa na ginanap noong Marso 23, pormal nang binuksan at binasbasan ang Dairy Box na matatagpuan sa Barangay Cataguingtingan,

# Dairy Box outlet itatayo sa Zambales

Ni **Coores Celoy**

Kilala ang Zambales sa magandang baybayin nito na puntahan ng mga turista lalo na kung




Rosario, La Union. Ito ay pamamahalaan ng Rosario Dairy Farmers' Cooperative (RDFC).

Itinayo ang Dairy Box para sa pagpoproseso ng gatas ng kalabaw na nakolekta ng mga magsasakang maggagatas at pagsasapamilihan ng mga produktong gatas. Ang pasilidad ay bahagi ng ALAB Karbawan project na inisponsoran ni Sen. Cynthia Villar, chairperson ng Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform.

Sinabi ni Sen. Villar sa isang video message na kailangang tuluy-tuloy ang produksyon ng gatas sa bansa para makapagsupply ng gatas sa mga pampublikong paaralan at community milk feeding program. Makatutulong, aniya, ang ganitong paraan para mapabuti ang nutrisyon ng mga bata at mas tumalino ang mga batang mag-aaral. Napapanahon naman ang pagbubukas ng nasabing Dairy Box dahil makatutulong ito na matugunan ang pangangailangan sa supply ng gatas para sa Milk Feeding Program ng Department of Education.

Binigyang-diin ni DA-PCC Deputy Executive Director for Admin. and Finance Dr. Caro Salces ang mga benepisyong hatid ng Dairy Box hindi lang sa mga maggagatas kundi pati na rin sa komunidad dahil sa pangkabuhayang oportunidad na handog nito sa mga residente.

Nagpasalamat naman si Annalyn Tade, manager ng RDFC, sa DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University, LGUs, at opisina ni Sen. Villar dahil sa solidong suporta ng mga ito kaya patuloy na lumalago, umuunlad, at nagtatagumpay ang kanilang kooperatiba.

Dagdag niya, kagaya ng nakasaad sa kanilang mantra na: "We rise as one," hindi lang para sa kooperatiba nila ang Dairy Box bagkus ay maging sa lahat ng nakikibahagi sa negosyong paggagatasan sa buong lalawigan ng La Union.

tag-araw. Ang Masinloc, isang coastal municipality sa Zambales, ay kilalang bilihan ng matamis na mangga na produkto rin ng mga tagaroon. Bukod sa mga nabanggit na atraksyong panturista, malapit nang masilayan ang isa pang inaasahang magtatanyag sa probinsya ng Zambales sa larangan ng turismo. Ito ay ang nakagayak na itatayong Dairy Box outlet at processing facility sa Masinloc. Hudyat nito ang isinagawang groundbreaking ceremony noong Abril 4.

Ang Dairy Box ay isang infrastructure support para sa mga smallholder dairy farmers na idinisenyo upang magkaroon sila ng puwang sa merkado ng gatas para sa bastanteng kita.

Nang pinagpaplanuhan pa lang ang tungkol sa pagtatayo ng nasabing outlet, agad naisip ni Atty. Cheryl Deloso-Montalla, representative ng pangalawang distrito ng Zambales, ang bayan ng Masinloc bilang recipient ng proyekto dahil sa aktibong kalakalan at iba pang gawaing pang-ekonomiya rito. Mainam na mainam, ayon kay Cong. Montalla, ang lugar na ito na malapit sa baywalk dahil dito umuusbong at nagtatagumpay ang mga proyektong community-based katulad ng sa DA-PCC.
"Noong nakita ko 'yong design, nirecommend ko kaagad 'yong baywalk para maging lokasyon kasi it complements the ambiance," wika naman ni Mayor Arsenia Lim ng Masinloc.

Ang proyekto ay pamamahalaan ng Masinloc Farmers Agriculture Cooperative habang ang LGU at ang DA-PCC ay magbibigay ng technical na pagsasanay at tulong sa

***Sundan sa pahina 6***



# Milk processing, marketing facility itatatag sa Visayas

Nina **Ma. Cecilia Irang-Mariano** at **Dine Yve Daganos**

Bilang suporta sa Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa Kabisayaan, pangungunahan ng DA-PCC sa Visayas State University (DA-PCC sa VSU) ang pagtatatag ng pasilidad para sa pagpoproseso at pagsasapamilihan ng produktong gatas na kalauna'y pamamahalaan naman ng Kangara Multi-Purpose Cooperative (KMPC).

Nagkaroon ng pagpupulong sa Carigara, Leyte noong Abril 21 ang DA-PCC national headquarters team sa pangunguna ni Deputy Executive Director for Production and Research Dr. Claro N. Mingala kasama si Dr. Marvin A. Villanueva, Research and Development Division chief at ang grupo ng KMPC para talakayin ang mga kailangang gawin at paghahanda para masimulan ang pagpapatayo ng naturang pasilidad.

Isang memorandum of agreement sa pagitan ng DA-PCC sa VSU na irerepresenta ni Dr. Ivy Fe Lopez at ng KMPC na irerepresenta naman nina co-op chairperson Herminia Carolino at General Manager Dominador Sudario ang kailangang lagdaan. Pagkatapos ma-i-turn over ang mga pasilidad, ang kooperatiba na ang mangangasiwa para sa pagpapatupad ng proyekto. Layon ng proyekto, na nagmula sa pagtutulungan ng DA-PCC at DA-Philippine Coconut Authority, na makatulong sa supply ng gatas para sa Milk Feeding Program sa ilalim ng Republic Act No. 11037 o "Masustansyang Pagkain para sa Batang Pilipino."

Sa pamamagitan ng proyektong ito, magkakaroon ng dagdag na pagkakakitaan ang mga myembro ng kooperatiba at sigurado na rin ang merkado para sa kanilang mga aning gatas.

# Kauna-unahang Dairy Box outlet sa Aurora Province, pinasinayaan na

Ni **Ronaline Canute**

Sinumang makakarinig sa "Aurora" ay kaagad na maipipinta sa isip ang larawan ng mga makasaysayang landmark, magagandang beach, at maringal na kabundukan.

## Dairy Box outlet...

*Mula pahina 5*

pagsisimula ng operasyon nito.

Ayon kay Dr. Ericson Dela Cruz, Center Director ng DA-PCC sa CLSU, simula pa lamang ito ng makabuluhang partnership ng DA-PCC, ng LGU, at ng mga lokal na magsasaka sa Masinloc.

Nagkaroon din ng MOA signing sa Masinloc Municipal Hall bago ang groundbreaking ceremonies

Katulad ng tourism tagline nitong "Aurora Rising," sa probinsiyang ito itatayo ang isang dairy processing plant at marketing outlet na inaasahang magiging tourist destination sa Malasin, Maria Aurora.

Maliban sa mga sikat na destinasyon sa probinsiya na gaya ng Museo de Baler at Doña Aurora House, ang itatayong Dairy Box ay madaragdag sa mga "must-see" bucket list ng mga turista.

Para maging posible ito, nagkaroon ng paglagda ng Memorandum of Agreement ang Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC), Pamahalaang Panlalawigan ng Aurora, at Cornerstone Training and Learning Center Corporation (CTLCC) para sa pagsasagawa ng proyekto.

Ang CTLCC ay isang modelong carabao-based enterprise at isang lehitimong civil society organization na kinikilala ng DA.

Sa ilalim ng nasabing kasunduan, magtutulungan ang mga partido upang tuluy-tuloy na mangyari ang mga gawaing pagbibigay ng teknikal na pagsasanay at pagbabalangkas ng mga polisiya at patakarang titiyak sa produktibong pagkakalabawan. Ayon kay Dr. Estrella Buenaventura, presidente ng CTLCC, inaasahan na ang outlet ay magbibigay ng karagdagang kabuhayan sa mga lokal.

"Tatlong taon pa lang ang aming organisasyon at umaasa kami na mas titibay pa ang ating partnership para dumami pa ang pinagkukunan ng kabuhayan ng mga taga-Aurora," aniya.

Nagpahayag din ng pag-asa si Gov. Gerardo Noveras na makatutulong ang proyekto na maibsan kung hindi man tuluyang maalis ang problema sa malnutrisyon ng lalawigan. Sinegundahan ito ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo sa kanyang tugon na ang proyekto ay hindi lamang maghahatid ng maraming oportunidad sa lalawigan kundi maiibsan din ang problema sa malnutrisyon dahil sa milk feeding program. Tiniyak din niya ang suporta ng ahensya sa CTLCC.

"Aalalayan namin kayo. Tutulong kami sa patuloy na pagpapaunlad ng matatag na lahing kalabaw at kaugnay na pagnenegosyo para sa 'Masaganang Ani at Mataas na Kita'," aniya.

Ang "Masaganang Ani at Mataas na Kita" ay ang sigaw ng Kagawaran ng Agrikultura, sa pangunguna ni Kalihim William Dar, na naglalayong mapaunlad pa ang mga Pilipinong magsasaka at mangingisda, na may layuning doblehin ang kanilang kita. Dumalo rin sina Maria Aurora Mayor Amado Genete at Provincial Veterinarian Dr. Angelo Silvestre upang saksihan ang isinagawang MOA signing.

Ang aktibidad ay bahagi ng proyektong Carabao-based Business Improvement Network (CBIN), na mas kilala bilang Accelerating Livelihood Assets Buildup o ALAB Karbawan ng DA-PCC. Pinondohan ito ng Office of the Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar.

na dinaluhan ni Congresswoman Montalla, DA-PCC Deputy Executive Director for Research and Development Dr. Claro Mingala, co-op chairperson Hermenegildo Manglicmot, at Dr. Dela Cruz.

Ang pagtatayo ng Dairy Box ay isang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) project na pinondohan ng Office of Senate Committee on Agriculture, Food, and Agrarian Reform sa pangunguna ni Senator Cynthia Villar. Nilalayon ng CBIN na itatag ang isang buong value chain ng paggagagatasan sa buong bansa.



# CBIN AND CCDP SITES









"Layunin natin na maging accessible ang quality at murang gatas sa ating mga anak. Sa tulong na din ng Philippine Carabao Center, marami pang lugar sa ating bansa ang aming sasadyain para mamahagi ng dairy buffaloes at makatulong sa marami nating kababayan. Sa patuloy nating samahan, mapapa-unlad natin ang dairy industry at maiaangat ang sektor ng pagsasaka."

**HON. SENATOR CYNTHIA A. VILLAR**

CHAIRPERSON, SENATE COMMITTEE ON AGRICULTURE, FOOD, AND AGRARIAN REFORM

**The ALAB Karbawan Project is funded by the Office of the Senate Committee on Agriculture Food, and Agrarian Reform.**

## CBIN AND CCDP NATIONAL COVERAGE

as of June 2022


NUMBER OF RECIPIENT PROVINCES

CBIN 2019 **17**

CBIN 2020 **11**

CBIN 2021 **11**

CCDP **17**



TOTAL NO. OF SITES

**80**

**24**

**ADDITIONAL RECIPIENT PROVINCES FOR CBIN 2022**

No. of cooperatives engaged in **Milk Feeding Program**

**TOTAL**

**21**

## OPERATIONAL VALUE CHAIN

There are a **total** of **21** operational value chains established under the ALAB Karbawan project since its inception in 2019.

All segments of a Carabao-based Enterprise (CBE) value chain are present ie: production and consolidation of milk, processing and marketing of products.

## ENTRUSTED BUFFALOES FOR CBIN AND CCDP

as of June 2022

TOTAL

**2,208**

**CALVES BORN**

MALE **98**

FEMALE **102**

TOTAL

**200**






## STATUS AS OF MAY 31, 2022

### NO. OF CONDUIT FARMER COOPERATIVES/ ASSOCIATIONS (FCAs)

The number of conduit FCAs engaged in CBEs maintained a steady growth since the project started in 2019.

**60** **CONDUIT CO-OPS**

**17** **SCFOs**
Small Coconut Farmers Organizations (SCFOs)

**24** additional FCAs to be engaged in CBEs for **CBIN 2022**

## ACCOMPLISHMENTS AS OF MAY 31, 2022

- Processing and marketing infra established

TOTAL **22**

- Processing and marketing infra to be constructed

TOTAL **52**



# Dairy Box sa Rehiyon 12, daluyan ng biyaya

Ni **Ronaline Canute**

Nakakapreskong milk tea, matamis na ice cream na may iba't ibang flavors, malinamnam na kesong puti, iyan at iba pang mga nakabubusog at nakalulusog na inumin at pagkaing gawa sa gatas ng kalabaw ang handog ng Dairy Box na pinamamahalaan ng Sta. Catalina Multi-Purpose Cooperative (SCMPC).

Kung ikaw ay mahilig sa mga adventures at isa ang Cotabato sa bucket list mo, idagdag mo na rin ang SCMPC Dairy Box sa "must-see" place to go mo para masubukan at matikman ang mga produktong gatas na tiyak na babalik-balikan mo.

Noong Agosto ng nakaraang taon pormal na binuksan at na-turn over ng DA-PCC sa University of Southern Mindanao ang Dairy Box outlet at processing facility sa SCMPC.

Ang pasilidad ay itinatag bilang bahagi ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) o mas kilala sa tawag na "Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB)-Karbawan" na ipinapatupad ng DA-PCC at pinondohan ng opisina ni Sen. Cynthia Villar.

Ang pasilidad, na matatagpuan sa President Roxas, South Cotabato, ay nagsisilbi bilang isang dairy outlet kung saan maaaring ibenta ng mga magkakalabaw ang masustansyang gatas ng kanilang mga kalabaw. Ito ay bukas mula Lunes hanggang Linggo.

"Quality milk for better life!"

Naka-angkla ang tagline sa vision ng kooperatiba na bumuo at magpatupad ng mga programa at serbisyo na naglalayong mapabuti ang kalidad ng buhay ng mga miyembro.

**Pinto ng biyaya**

Ang SCMPC Dairy Box ay nagsisilbi ring pinto ng biyaya sa mga magsasaka at magkakalabaw sa Cotabato.

"Naaappreciate ko itong design program ng DA-PCC kasi inaalalayan nila ang koop mula production, processing hanggang marketing," ani Wendell Amoronio, Operations Manager.

Upang mas tumaas pa ang kita ng mga miyembro nilang magsasaka ay kinukumbinsi nila ang mga ito na magtanim ng forage. Ang bawa't isa sa kanila ay nakapagpoprodyus ng 20,000 hanggang 30,000 kilo ng Napier sa loob ng 45 days, na binibili ng koop sa halagang piso bawa't kilo.

Ang Dairy Box ay kaagapay din ng DepEd at DA-PCC sa pagpapatupad



“Naaappreciate ko itong design program ng DA-PCC kasi inaalalayan nila ang koop mula production, processing hanggang marketing.”

**WENDELL AMORONIO**
Operations Manager









ng national feeding program para sa mga batang kulang sa nutrisyon sa mga pampublikong paaralan.

Matatandaang nilagdaan ni Pangulong Duterte ang RA No. 11037 noong Hulyo 2018 para tugunan ang problema sa malnutrisyon ng mga batang Pilipino sa pamamagitan ng national feeding program kung saan kabilang ang milk feeding.

**Kaabang-abang na pagbabago**

Ibinahagi ni Amoronio at ni Kenneth Jan Tomelden, incharge sa dairy production at marketing, ang planong pagpapatayo ng kauna-unahang drive thru Dairy Box sa bansa na pangungunahan mismo ng SCMPC. Ang pasilidad ay planong ipatayo sa national highway ng Cotabato at Davao.

Bukod pa rito, pinaplano rin nila ang pagpasok ng Dairy Box sa mga malls.

“Base sa mga feedback ng mga kliyente, mas masarap at masustansya ang produktong gawa sa gatas ng kalabaw kaya naman maganda siyang ipakilala sa mas malawak na market,” pagtatapos ni Amoronio.

# Proyektong ALAB Karbawan sa Rehiyon 11, 12, sumailalim sa situation analysis para sa 'KM intervention'

Ni **Ronaline Canute**

Isang situational analysis ang isinagawa kasama ang mga pangunahing stakeholders at kasosyo sa pagpapatupad ng Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) at Coconut-Carabao Development Project (CCDP) sa Rehiyon 11 at 12.



Ang "Planning-Workshop on Knowledge Management Interventions for CBIN/ CCDP Projects", na inorganisa ng Knowledge Management Division ng DA-PCC, ay unang isinagawa para sa mga project sites na sakop ng DA-PCC sa Central Luzon State University, DA-PCC sa West Visayas State University, DA-PCC sa Visayas State University, at DA-PCC sa University of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM).

Para sa Rehiyon 11 at 12, kabilang sa mga isyu na natalakay ang standardisasyon ng mga produkto at Dairy Boxes, probisyon ng post-harvest equipment, patuloy na pag-upgrade ng mga kalabaw, at database management.

Base sa mga isyung nabanggit, bubuo ang DA-PCC ng mga kaukulang gawain bilang solusyon at angkop na interbasyon upang maengganyo ang mas marami pa na makilahok at sumuporta rito.

Ang mga kasosyo ng ahensya ay nagpahayag din ng kanilang buong suporta sa proyekto sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga tatanggap ay tapat at masigasig na gagawin ang kanilang gampanin na nakalahad sa kontrata.

Bilang tugon, sinabi ni Center Director Benjamin Basilio ng DA-PCC sa USM na sila ay magsisilbing daan ng pagpapala sa mga kasosyo at mga stakeholders sa Mindanao. Ibinahagi rin niya ang mga pag-unlad na naganap simula nang maipatupad ang proyekto.

Ang CBIN ay pinondohan ng Office of the Senate Committee on Agriculture and Food na pinamumunuan ni Senator Cynthia Villar. Gayundin ang CCDP sa pakikipagtulungan ng DA-Philippine Coconut Authority.

# 31 kalahok nakakumpleto ng kauna-unahang FLS-DBP Facilitators' Learning Workshop sa Rehiyon 8

Ni **Sunshine Sabidalas**

Nagsagawa ng Facilitators' Learning Workshop on Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) ang DA-PCC sa Visayas State University (VSU) noong Abril 25 hanggang Mayo 6 sa VSU, Baybay City, Leyte bilang bahagi ng proyektong ALAB Karbawan. Ito ang unang pagkakataon na ang naturang aktibidad ay isinagawa sa labas ng DA-PCC national headquarters.

Ang FLS-DBP ay isang makabagong diskarte na nakaangkla sa participatory at adult learning na mga pamamaraan at prinsipyo. Ang 15-araw na masinsinang aktibidad ay naglalayong bigyan ang mga kalahok ng mga kinakailangang kasanayan at kakayahan sa pagpapatupad ng FLS-DBP sa kani-kanilang mga lokalidad. Layon nitong gawing epektibong facilitators ang mga kalahok upang maging tagapagsanay din ng iba pang mga magsasaka sa kanilang nasasakupan pagkatapos ng season-long learning experience.

Ang nasabing aktibidad ay pinangasiwaan ng Knowledge Management Division (KMD) ng DA-PCC na pinamumunuan ni Dr. Eric Palacpac, kasama ang mga module developers mula sa national headquarters.

Nakibahagi sa nasabing aktibidad ang tatlumpu't isang kalahok mula sa iba't ibang munisipalidad ng Eastern Visayas na kinabibilangan ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) farmer beneficiaries, Local Government Unit (LGU) technician mula sa Northern Samar, Leyte, Samar, Southern Leyte, at Biliran, at ilang kawani ng DA-PCC.

Bukod sa mga lecture sessions, kasama sa kursong pagsasanay ang mga laro, fieldworks, at case analysis. Ang mga kursong tinalakay sa buong pagsasanay ay nakatuon sa pagpapakilos ng mga komunidad para sa FLS-DBP, pagpapalaki ng malusog at produktibong gatasang kalabaw, pagbuo ng mga negosyong salig sa kalabaw, participatory technology development, at participatory tool upang masukat ang epekto at kahalagahan ng FLS-DBP.

Kabilang sa mga resource persons sina DA-PCC sa VSU Director Francisco G. Gabunada Jr. at mga module developers mula sa national headquarters (Dr. Palacpac, Ms. Rovelyn T. Jacang, Dr. Phoebe Lyndia Llantada, Dr. Cyril P. Baltazar, Dr. Ester B. Flores, Dr. Peregrino G. Duran, Dr. Renelyn M. Labindao, Ms. Mina P. Abella, Ms Patrizia Camille Saturno, Ms. Teresita Baltazar, dating DA-PCC R&D Division Chief Dr. Annabelle S. Sarabia, at dating kawani ng KMD na si G. Erwin M. Valiente).

Sa culminating ceremony, nagbigay ng kanyang inspirational message si Dr. Caro B. Salces, deputy executive director for administration and finance ng DA-PCC sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kwento ng tagumpay ng mga nakaraang FLS-DBP graduates na nakipagsapalaran sa dairy buffalo business partikular na sa pagsusupply ng gatas para sa feeding program.

Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang pasasalamat dahil natuto sila ng wastong kaalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, aspeto ng negosyo, at angkop na teknolohiya. Nagbigay, anila, ito ng pagkakataon para maibahagi ang kanilang kaalaman sa mga benepisyaryo ng CCDP. Inilahad din ng grupo ang kanilang re-entry plans para sa pagpapatupad ng FLS-DBP sa kani-kanilang mga lokalidad.






# ALAB KARBAWAN

**A**ccelerating **L**ivelihood & **A**ssets **B**uildup

**ALAB Karbawan** is the popularized name for the Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) and Coconut-Carabao Development Project (CCDP). Since 2019, the project has been implemented in more than 70 sites nationwide. The project is operationalized in service areas where all the development interventions and support are provided. This project is unique as it emphasizes on the crucial role of a strong cooperative conduit for each project location. The conduit will co-share with PCC in terms of project responsibility and accountability.

Meanwhile, cooperating local government units and other support agencies will ensure that assets will be used to improve the livelihood of the value chain players through herd buildup, organized collection of milk, and processing and marketing of products.

Carabao-based Business Improvement Network (CBIN) Program Components and Deliverables per Project Site:



**PRODUCTION**



**PROCESSING**



**MARKETING**



**CAPACITY BUILDING & TECHNICAL SUPPORT SERVICES**

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.

*DA-PCC K-Portal*

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

*DA-PCC Virtual Tour*

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.